TELEFONO MONDO®
800.513.340

Un servizio di
Progetto Integrazione
Cooperativa sociale - ONLUS.
Ricerche, formazione, mediazione interculturale,interventi sulle problematiche dell'immigrazione.

Progetto Integrazione
via Angera, 3 - 20125 Milano
tel. 02.66986000
fax 02.67574334
coop.progint@tiscali.it
www.progettointegrazione.it

Ano ang dapat gawin

Upang magkaroon ng Permesso di soggiorno per i lungo soggiornanti?

Ano ang ibig sabihin ng Permesso di soggiorno per i lungo soggiornanti ?

Ang permesso di soggiorno CE per soggiornanti di lungo periodo (ex carta di soggiorno) ay ipinahayag ng Legislative Decree 286/1998. Ito ay "Consolidation Act" na nauukol sa kalagayan ng imigrasyon at batas tungkol sa kondisyon ng estranghero".

Ang regolasyon tungkol sa Permesso di soggiorno CE per soggiornanti di lungo periodo ay nagkaroon ng ilang pagbabago nitong mga nakaraang taon:

- noong 2002 sa batas na189/2002;
- legislative decree no. 3 noong 2007;
- legislative decree no. 160 noong ika 3 ng Oktubre 2008 at ito ay hindi mismo nauukol sa Permesso di soggiorno CE lungo soggiornanti, kundi tungkol sa pagpapatibay ng kinikita

Ang legislative decree no. 3 noong 2007 ay nagsasaad ng:
- pagbabago ng bilang ng taon ng pananatili sa Itaya na kinakailangan upang magkaroon ng Permesso di soggiorno CE at ito ay ginawang 5 taon sa halip na 6 na taon;
-pagpapalit ng mga dokumentong kailangan ng mga estranghero na may pinanghahawakang Permesso di soggiorno na maaaring i-renew sa Permesso di soggiorno na ang motibo ay para sa trabaho, pamilya, relihiyon etc.;
- ang pagkakaroon ng pagkakataon na makakuha ng Permesso di soggiorno CE per soggiornanti di lungo periodo pati ang mga magulang na nakadipende sa kanilang anak;
- ang pagkakaroon ng posibilidad sa mga may Permesso di soggiorno CE per soggiornanti di lungo periodo na magtrabaho/manirahan/mag-aral ng mahigit sa tatlong buwan sa ibang bansa na kasapi ng United Europe na isinakatuparan ang Patakaran ng Europa.

Sino ang pwedeng makakuha ng Permesso di soggiorno CE per soggiornanti di lungo periodo?

Maaaring kumuha nito ang mga estranghero na hindi kabilang sa European Union at naninirahan ng legal sa Italya ng hindi bababa sa 5 taon at may mga dokumento na pinanghahawakan ayon sa ipinahahayag ng batas.

Ang kasalukuyang batas ay hinihingi ang mga sumusunod na requirements:

- mayroong Permesso di soggiorno na hindi expire (o kaya ay kasalukuyang ini-renew);
- may 5 taon na legal at tuloy tuloy na paninirahan sa Italya;
- may taunang kita na hindi bababa sa assegno sociale (€5,349,89 para sa taong 2010) kung ang permesso di soggiorno CE ay ini-apply niya para sa kanyang sarili lamang. Kung sakaling ito ay hihingin para sa kanyang pamilya, ayon sa art. 29 T.U., kinakailangang sundin ang ipinahahayag ng legislative decree no. 160 noong ika 3 ng Oktubre 2008 at ito ay tungkol sa pagbabago ng naunang regulasyon tungkol sa pagpepetisyon ng pamilya. Kailangang dagdagan ng kalahati ng assegno sociale ang kinikita para sa bawat miyembro ng pamilya na dumedepende sa kanya.

Para sa taong 2010:Applicant+ i**sang miyembro ng pamilya - ang kita** ay hindi bababa sa €8024,83

Applicant + **dalawang miyembro ng pamilya- ang kita** ay hindi bababa sa € 10,699,78. Kinakailangang ipakita ang idoneità igienico sanitaria ng kanyang bahay para sa pamilya na dumedepende sa kanya;

- kinakailangang hindi nahatulan ng hukuman (hindi mabibigyan ng ganitong permesso ang mga estranghero na tinatayang mapanganib sa lipunan o sa kaligtasan ng bansa gayundin ang lahat ng mga taong nahatulan sa mga krimen na nakasaad sa art. 380 ng penal code pati ang mga krimen na hindi sinasadya na nakasaad sa art. 381ng nasabing penal code. Isasaalang alang ng Questore ang panahon ng pananatili ng estranghero sa Italya, kung siya ay ganap na kabilang ng lipunan, ang sitwasyong pang pamilya at hanapbuhay niya, dahil ito ay isinasaad sa regulasyon tungkol sa hindi pagbibigay o "refusal" para sa kanyang kahilingan na magkaroon ng Permesso di soggiorno CE

- Upang mabigyan ng permesso di soggiorno CE per lungo periodo, kinakailangang ipasa ang test kung gaano niya naiintindihan ang wikang Italyano, at isasagawa ito ayon sa kung ano ang isasaad sa batas ng Ministry of Internal Affairs, katuwang ng Ministry of Education, University at institusyon ng Research.

- Ang Permesso di soggiorno CE per soggiornanti di lungo periodo ay pang matagalan at mas mayroong malawak na karapatan na wala ang ibang Permesso di soggiorno, bukod dito mayroon ding posibilidad na:

- makapagtrabaho bilang empleyado o dipendente o dili kaya'y magsagawa ng pangsariling trabaho maliban doon sa uri ng trabaho na naka riserba lamang para sa mga italyano (hindi kinakailangan na gawin ang contratto di soggiorno kung ang trabaho ay bilang isang dipendente);

- magkamit ng social security benefits, health, scholastic at social assistance, magkamit ng mga materyal na bagay at serbisyo na ibinibigay ng gobyerno gayundin ang pagkakaroon ng bahay maliban kung binago ang pasya tungkol dito;

  Ito ay hindi pwedeng ibigay sa mga estranghero na naninirahan sa Italya sa mga sumusunod na kadahilanan:kung ang Permesso di soggiorno ay ang motibo ay pag-aaral, professional courses, pangsamantalang proteksyon, pangmakataong kadahilanan, o Permesso di soggiorno para sa maikling panahon.

  Upang makamtan ang Permesso di soggiorno Ce per soggiornanti di lungo periodo, hindi kinakailangan na ang mamamayang estranghero ay mayroong walang taning (tempo indeterminato) na kontrato. Sa katunayan, hindi isinasaad sa batas na ito ay kinakailangan dahil ang mahalaga ay may maipakikitang sahod na karapat-dapat para sa kanya at sapat na sustento para sa kanyang pamilya (bukod dito kailangan ding ipakita ang iba pang dokumento na hinihingi ayon sa itinakda ng batas)

  Maliwanag ang ipinahayag ng huwes, at tinanggap nito ang karapatan ng manggagawang estranghero na humingi ng Permesso di soggiorno CE per soggiornanti di lungo periodo anuman ang uri ng kontrato niya. (TAR Veneto sentensiya blg.3213/2006; TAR Emilia Romagna sentensya blg. 1525/2008).

Kailan ito pwedeng bawiin?

Ang Permesso di soggiorno CE per soggiornanti di lungo periodo ay babawiin...

- kung ito ay kinuha sa madayang paraan;

- kung sakaling paalisin sa bansa (expulsion);
- kung ginawa ang isinasaad sa kondisyon na ayon sa comma 4, at ito ay kung ang estranghero ay tinatayang mapanganib sa lipunan at sa kaligtasan ng bansa
- kung sakaling mawawala sa teritoryo ng United Europe sa loob ng labingdalawang buwan;
- kung sakaling siya ay mabigyan ng Permesso di soggiorno di lungo periodo ng ibang bansa na kasapi sa European Union o sakaling mawala sa teritoryo ng Italya ng mahigit sa anim na taon.

Nirebisa noong Marso 2010